# Ligtas na bike lane, hiling sa MM mayors

Balita · 4 Jun 2019 · 3 · Ellalyn De Vera-Ruiz

Hinamon kahapon ng isang international think tank organization ang mga bagong halal na batang alkalde sa Metro Manila na magkaloob ng ligtas na bicycle lanes at mag-accommodate ng mas maraming bike commuters.

"We call on Metro Manila's new leaders to come together and make everyday World Bicycle Day. It's time they work as one to focus on non-motorized transport options and promote cities friendly to those who pedal to work," sinabi ni Golda Hilario, associate for program development ng Manila-based Institute for Climate and Sustainable Cities (ICSC).

Nanawagan ang grupo kina Mayors Vico Sotto, Joy Belmonte, Abby Binay, Francis Zamora, at Isko Moreno na gumawa ng plan of cooperation na magdudugtong sa Quezon City, Pasig, Makati, Manila at San Juan sa pamamagitan ng protected bicycle lanes.

Ang ICSC ay partisipante sa ikalawang World Bike to Work Day na inorganisa ng Manila Moves sa Ortigas katuwang ang Pasig city government's transport office, Cycling Matters, Tiklop Society of the Philippines, Ortigas Center, at Tern Bicycles.